R 0811

s

Rehiyon X-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Corner Don Carlos-Guingona Sts., Malaybalay City

PANSANGAY NA ADBAYSORI

2094
Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 11/25/13 Time: 9:37A.M
By: [signature]

PARA SA : **Tagamasid Pansangay/Didisyon Koordeneytors**
Tagamasid Pampook
Puno/Ulo ng mga Paaralang Elementari at Sekondari
Sangay ng Malaybalay

BUHAT KAY : **EDILBERTO L. OPLENARIA**
Tagapamanihala ng Paaralan

PETSA : **Nobyembre 22, 2013**

HINGGIL SA : **Ikaapat na Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata**

1. Kalakip nito ang liham paanyaya ng Pilandokan, Inc. at Kolehiyo ng Arte at Literatura , Unibersidad ng Pilipinas at Dep Ed Advisory No. 403,s. 2013 sa gaganaping kumperensiya sa Disyembre 5- 7,2013 sa Pulungang Claro M. Recto, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

2. Ang partipasyon ng mga paaralan ay alinsunod sa "No –disruption of –Classes policy na nakalaan sa Dep Ed Order No. 9 , s. 2005 " Instituting Measures to Increase Engaged Time –On- Task and Ensuring Compliance Therewith.

3. Inaasahan ang malawakang pagpalaganap ng adbaysoring ito.

R2013A

399

DepEd-MALAYBALAY CITY DIVISION
RECEIVED
Date: 10-16-13 Time: 3:20

Pilandokan, Inc.
National Research Society for Children's Literature
Dean's Office, Ikalawang Palapag, Bulwagang Rizal (Faculty Center),
UP Diliman, Lungsod Quezon, 1101

Edilberto L. Oplenaria
Superintendent (OIC)
DepEd-Rehiyon X, Malaybalay City Division
Malaybalay City

Pagbati sa ngalan ng **Pilandokan, Inc.** at **Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas.**

Inaanyayahan po namin kayo sa *Ikaapat na Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata* na may temang "**Panitikang Pambata sa Edukasyong Multilinggwal at Programang K-12.**" Gaganapin ang kumperensiya sa **Disyembre 5-7, 2013**, 8:00 nu-5:00 nh, sa **Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.**

Ang kumperensiyang ito ay pagtugon sa pangangailangan para sa patuloy na pag-alam sa kalagayan at ikauunlad ng panitikang pambata sa Pilipinas sa panahon ng nagbabagong sistema ng edukasyon sa bansa. Pokus ng paksa ng kumperensiya ang bisa ng panitikang pambata sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa pagsisimula ng programang K-12 ng Kagawaran ng Edukasyon, partikular ang edukasyong multilinggwal sa pamamagitan ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE), mahalagang siyasatin ang nilalayong hulma ng bata sa proseso ng at sa pagtatapos ng pag-aaral sa antas primary at sekondarya bilang paghahanda sa paghahanapbuhay, sa pagtuntong sa mataas na edukasyon, sa pagpapaunlad ng kasanayan, o sa pagnenegosyo. Kaugnay nito, esensyal na mabigyang-pansin ang espasyo ng panitikang pambata na kaagapay sa kabuuan ng paghubog sa kabataang Pilipino.

Narito po ang mga kaukulang halaga kaugnay ng rehistrasyon:

- Regular – PhP 3,500
- Early bird – PhP 2,500 (nagdeposito bago o sa Nobyembre 3)
- Graduate student – PhP 2,500 (nararapat magpakita ng ID/registration card)
- Paper presenter – PhP 1,500 (para sa mga natanggap na abstrak)
- Participant per day (regular) – PhP 1,500 (kasama na ang pagkain at kit)
- Participant per day (undergraduate student) – PhP 500 (kasama ang kit)

Maaaring ideposito ang inyong bayad sa **Pilandokan, Inc., SA no. 3071-0307-75, Landbank, UP Diliman.** Mangyaring ibigay po lamang ang resibo ng deposito sa sekretaryat sa unang araw ng kumperensiya para mabigyan kayo ng opisyal na resibo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa puno ng sekretaryat na si Prop. Elyrah L. Salanga-Torralba sa numerong 0920-9693179 o kay Gng. Susan L. Alcantara sa numerong 0917-6265213/0920-9493519 o sa pilandokan2013@gmail.com. Maaari ding bumisita sa aming facebook: **Samahang Pilandokan** para sa mga bagong anunsiyo.

Gumagalang,

Jayson D. Petras
Direktor
Pilandokan, Inc.

Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **IKAAPAT NA PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PANITIKANG PAMBATA NA GAGANAPIN SA DISYEMBRE 5 HANGGANG 7, 2013 SA PULUNGANG CLARO M. RECTO, BULWAGANG RIZAL, KOLEHIYO NG ARTE SA LITERATURA, UNIVERSIDAD NG PILIPINAS (UP), DILIMAN, LUNGSOD NG QUEZON**

PETSA : Ika-27 ng Agosto taong 2013

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No.* 7722 na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito na inorganisa ng Ang Pilandokan Inc (National Research Society for Children's Literature) sa pakikipagtulungan ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Ang layunin ng kumperensiya ang kritikal na pagtalakay sa mga isyu ng bata at panitikang pambata na magsusulong ng higit na progresibong kaisipan sa mga estudyante at bata sa ating lipunan.

Para sa karagdagang detalye, listahan ng mga panukalang aktibidad at/o iba pang katanungan patungkol sa pagdiriwang na ito maaari kayong makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino sa mga telepono bilang 924-4899/09053553882 at sa kanilang email address pilandokan2013@gmail.com.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

PATRICIA B. LICUANAN, Ph.D.

08-0027-b^0049_Pilandokan_2013

DepEd Advisory No. 403, s. 2013
September 19, 2013
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

PAGPAPALIBAN AT KARAGDAGANG IMPORMASYON SA DEPED ADVISORY BLG. 124, S. 2013
(Ikaapat na Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata)

Kaugnay ng DepEd Advisory Blg. 124, s. 2013 na may pamagat na *Ikaapat na Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata* na dapat na idaos ng Pilandokan, Inc. at Kolehiyo ng Arte at Literatura sa Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman, Lungsod Quezon, ang nabanggit na kumperensiya ay ipinagpaliban:

> Sa halip na *Hulyo 18-20, 2013* ang pagdaraos ay magiging *Disyembre 5-7, 2013.*

Ang karagdagang impormasyon ay ang tema ng kumperensiya: *Panitikang Pambata sa Edukasyong Multilinggwal at Programang K to 12.*

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Prof. Jayson D. Petras
  Direktor
  Pilandokan, Inc.
  Tanggapan ng Dekano, Kolehiyo ng Arte at Literatura
  Ikalawang Palapag, Silid 3168
  Bulwagang Rizal (Faculty Center)
  Unibersidad ng Pilipinas (UP)-Diliman, Lungsod Quezon

- Gng. Susan L. Alcantara
  Telepono Blg.: (02) 924-4899
  Mobile Phone Blg.: 0905-355-3882
  Email Address: pilandokan2013@gmail.com
  Facebook: Samahang Pilandokan

Sally: ikaapat na kumperensiya sa panitikang pambata
0869-September 11, 2013

DepEd ADVISORY No. **124**, s. 2013
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
February 21, 2013

IKAAPAT NA PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PANITIKANG PAMBATA

Ang Pilandokan Inc., (National Research Society for Children's Literature) sa Pakikipagtulungan ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ay magdaraos ng kanilang *Ikaapat na Pambansang Kumperensya sa Panitikang Pambata* na gaganapin sa Hulyo 18-20, 2013, sa Pulungang Claro M. Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte ng Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. talakayin ang mga isyu ng bata at panitikang pambata na magsusulong ng higit na progresibong kaisipan sa mga estudyante at bata;
2. talakayin ang mga usapin sa produksiyon, pagtuturo, at pagsusuri ng panitikang pambata sa panahon ng programang K to 12 at MTB-MLE sa Pilipinas; at
3. suriin ang mga anyo at aspekto ng panitikang pambata gaya ng *picture book*, panulaan, programang pantelebisyon, pagsasalin (translation), muling pagsasalaysay (*retelling*), at aklat pambata para sa iba't ibang disiplina.

Inaanyayahan ang mga guro, punongguro, koordineytor, pansangay at panrehiyong superbisor sa Wika at Panitikan, mananaliksik, manunulat, mag-aaral, at iskolar na lumahok sa aktibidad na ito.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Prof. Jayson D. Petras
Direktor
Pilandokan Inc., (National Research Society for Children's Literature)
Room 3143, Ikatlong Palapag
Bulwagang Rizal (Faculty Center)
UP Diliman, Lungsod Quezon

Gng. Susan L. Alcantara
Telepono Blg.: (02) 924-4899
Mobile Phone Blg.: 0905-355-3882
Email Address: pilandokan@gmail.com
Facebook Address: Samahang Pilandokan

ADA/DA pilandokan
0203/February 18, 2013